



Mga Programa ng Regulasyon sa Mga Nakakalasang Kontaminante sa Hangin Glosaryo ng Mga Termino

Acute – Isang bagay na nangyayari sa loob ng maikling panahon, na karaniwan ay isang oras

Masamang Epekto sa Kalusugan – Pagbabago sa paggana ng katawan na puwedeng humantong sa sakit o mga problema sa kalusugan

Kadahilanan ng Pagiging Sensitibo sa Edad (Age Sensitivity Factor, ASF) – Pagkakalkula ng pag-aayos para sa posibilidad na magkaroon ng kanser na ginagamit sa mga pagtatasa ng panganib sa kalusugan na nagsasaalang-alang sa pagiging mas sensitibo ng mga bata sa mga nakakalasang bagay sa hangin

Modelo ng Pag-kakalat ng Hangin – Program sa computer na tumatantya sa kung paano iikot ang mga emisyon ng mga polusyon sa hangin mula sa pinagmumulan ng emisyon papunta sa nakapaligid na komunidad

Pinakamahusay na Available na Pangkontrol na Teknolohiya (Best Available Control Technology, BACT) – Kagamitan, mga proseso, o aparato na naglilimita o nagbabawas sa dami ng mga polusyon sa hangin na naglalabas ng mga pinagmumulan sa hangin

Pinakamahusay na Available na Pangkontrol na Teknolohiya para sa Mga Nakakalasang Bagay (Best Available Control Technology for Toxics, TBACT) – Ang pinakamahirap na kontrol sa emisyon na ginagamit o teknikal na posible.

Pinakamahusay na Available na Retrofit na Pangkontrol na Teknolohiya para sa Mga Nakakalasang Bagay (Best Available Retrofit Control Technology for Toxics, TBARCT) – Ang mga pinakapektibong retrofit na kontrol sa emisyon na nakamit para sa isang partikular na uri ng pinagmumulan

Rate ng Paghinga – Ang kabuuang halaga ng hanging hinihinga ng isang tao sa loob ng isang tinukoy na tagal ng oras

Salik sa Lakas ng Bisa ng Cancer (Cancer Potency Factor, CPF) – Salik na tumatantya sa posibilidad na magkaroon ng kanser dahil sa pagkakalantad sa isang substance na nagdudulot ng cancer o posibleng magdulot ng cancer

Posibilidad na Magkaroon ng Cancer – Pagtatantya sa mataas na posibilidad na magkaroon ng kanser ang isang indibidwal

Carcinogen – Bagay na posibleng magdulot ng kanser

Talamak – Isang bagay na nangyayari sa loob ng matagal na panahon

Dosis – Ang dami ng bagay na pumapasok sa katawan sa loob ng isang partikular na tagal ng pagkakalantad

Tagal ng Pagkakalantad – Tagal ng pagkakalantad ng isang tao sa isang nakakalasang kontaminante sa hangin

Daanan ng Pagkakalantad – Kung paano pumapasok ang isang bagay sa loob ng katawan (hal. paghinga, pagkain, pag-inom, o pagdidikit ng balat)

Panganib sa Pasilidad – Panganib sa kalusugan na resulta ng mga emisyon ng Nakakalasang kontaminante sa Hangin mula sa lahat ng nakapirming pinagmumulan sa pasilidad na iyon

Maliit na Bahagi ng Oras sa Bahay (Fraction of Time at Home, FAH) – Porsyento o tagal ng panahong nananatili sa bahay ang isang tao sa buong araw.

Index ng Panganib (Hazard Index, HI) – Pagtatantya sa posibilidad na magkaroon ang isang indibidwal ng mga epekto sa kalusugan na hindi konektado sa kanser

Epekto sa Kalusugan – Pagbabago sa andar ng katawan o istraktura ng cell ng mga tao na posibleng magdulot o magambag sa mga problema sa kalusugan, magmula sa mga pansamantalang menor na kundisyon, gaya ng iritasyon sa balat, hanggang sa permanenteng pinsala, malubhang sakit, o pagkamatay

Panganib sa Kalusugan – Posibilidad na magkaroon ang mga tao ng mga epekto sa kalusugan dahil sa pagkakalantad sa mga nakakalasang kontaminante sa hangin. Kasama sa mga uri ng mga panganib sa kalusugan ang mga epektong kanser at mga epektong hindi kanser

Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA) – Isang pagtatantya ng malaking tsansa na magkaroon ng mga negatibong epekto sa kalusugan para sa mga indibidwal na maaaring mahantad sa mga nakakalason na kontaminadong hangin, batay sa pinakamahusay na siyentipikong impormasyon na available.

Maximum na Nalantad na Indibidwal (Maximum Exposed Individual, MEI) – Lokasyon ng nalantad na indibidwal kung saan natantya ang pinakamatinding Nakakalasang Kontaminadong Hangin.

Nabagong Pinagmumulan – Anumang pinagmumulan ng polusyon na sumasailalim sa isang pisikal na pagbabago, pagbabago sa

paraan ng operasyon, o karagdagan ng throughput na nagreresulta sa pagdami ng mga emisyon

Sari-saring Daanan – Ang Nakakalasang Kontaminadong Hangin (toxic air contaminant, TAC) – na pumapasok sa pamamagitan ng paghinga at isa pang paraan ng pagkakalantad (pagkain, pag-inom, o paghawak sa balat) at iyon ay nagtamo ng epekto sa kalusugan na nagreresulta mula sa iba pang pamamaraan ng pagkakalantad

Bagong Pinagmumulan – Anumang pinagmumulan ng mga emisyon na iminumungkahi para sa konstruksyon o operasyon, kasama ang pagpapalit ng kasalukuyang pinagmumulan o pag-lilipat ng lokasyon ng pinagmumulan sa ibang pasilidad

Epektong Hindi Kanser – Anumang negatibong epekto sa kalusugan maliban sa kanser

Hindi Nagdudulot ng Kanser (Non-Carcinogen) – Bagay na posibleng magdulot ng mga epekto sa kalusugan maliban sa kanser

Bagong Pagsusuri ng Pinagmumulan (New Source Review, NSR) – Isang

pagsusuri ng mga emisyon sa polusyon sa hangin, mga potensyal na epekto sa kalusugan, at pagsunod sa mga regulasyon para sa bago o binagong pinagmumulan ng emisyon na isinasagawa bago maitayo ang proyekto

Proyekto – Grupo ng isa o higit pang bago or binagong pinagmumulan na bahagi ng iminungkahing konstruksyon sa isang pasilidad at karaniwang nakalaman sa aplikasyon para sa permit o isang grupo na kaugnay sa aplikasyon sa permit

Marka sa Pagsasapriyidad – Nauugnay na posibilidad na magkaroon ng mga epekto sa kalusugan batay sa dami ng naibuga na TAC, pagiging nakakalason ng TAC, distansya sa nalantad na indibidwal, at mga kadahilanan sa pagkakalantad

Komunidad na Priyidad sa PANGANGALAGA (CARE Priority Community) – Komunidad na may mas mataas na antas ng mga Nakakalasang Kontaminadong Hangin, kung saan ang mga tao ay mahina at mas mataas ang posibilidad na magtamo ng mas masamang epekto sa kalusugan. ng hindi proportionate na mas maraming hindi kanais-nais na epekto sa kalusugan

Panganib dulot ng Proyekto – Ang kabuuang panganib sa kalusugan dulot ng isang proyekto

Sanggunian sa Antas ng Pagkakalantad (Reference Exposure Level, REL) – Ang dami ng polusyon sa hangin na itinuturing na nakakaprotekta ng kalusugan sa loob ng isang partikular na tagal ng pagkakalantad

Antas ng Pagkilos batay sa Panganib (Risk Action Level, RAL) – Ang tinukoy na taas ng antas ng panganib sa isang pasilidad, kung saan ang sobrang labis na panganib ay kinakailangan na bawasan ng pasilidad na iyon

Plano sa Pagbabawas ng Panganib (Risk Reduction Plan, RRP) – Isang dokumentong naglalahad ng detalyadong hakbang para sa pagbabawas ng panganib na ipapatupad para mabawasan at maging mas mababa sa mga RAL ang panganib sa kalusugan, o matiyak na ang bawat makabuluhang panganib ay naglalalaman ng TBARCT

Hakbang sa Pagbabawas ng Panganib (Risk Reduction Measure, RRM) – Mga kontrol sa emisyon at iba pang kasanayan sa pagbabawas ng mga panganib sa kalusugan

Pinagmumulan – Anumang artikulo, makina, kagamitan, o operasyon na gumagawa o naglalabas ng mga uri ng polusyon sa hangin

Panganib sa Pinagmumulan – Panganib sa kalusugan na resulta ng mga emisyon ng TAC na nauugnay sa isang indibidwal na pinagmumulan ng mga emisyon

Spatial Averaging – Pagkalkula na ginagamit sa mga pagtatasa ng panganib sa kalusugan, na kung saan ay isang average ng hinulaang mga konsentrasyon ng hangin sa loob ng isang maliit na lugar, at ito ay inilaan upang kumatawan sa tipikal na pag-uugali ng tao sa buong haba ng pagkakalantad sa ilalim ng pagsusuri

Makabuluhang Pinagmumulan – isang pinagmumulan ng emisyon, na ang tinanyang panganib sa kalusugan ay natukoy na lumagpas sa isang makabuluhang limitasyon ng pinagmulan

Limitasyon sa Makabuluhang

Pinagmumulan – Mga antas ng panganib sa kalusugan na tinukoy bilang 1.0 sa bawat isang milyon na posibilidad na magkaroon ng kanser, o index ng talamak o matinding peligro na 0.20

Nakapirming Pinagmumulan – Nakapirming, hindi naililipat na gumagawa ng polusyon, na kadalasan ay nasa industriya o nasa komersyal na pasilidad

Nakakalasong Kontaminadong Hangin (Toxic Air Contaminant, TAC) – Mga polusyon sa hangin na posibleng maging sanhi o mag ambag sa mga negatibong epekto sa kalusugan (masamang epekto sa kalusugan)

Mga Antas ng Pukaw (Trigger) – Mga limitasyon sa rate ng emisyon mula sa Air District para sa isang proyekto na kung saan

kinakailangan ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan ng Air District (Air District Health Risk Assessment)

Mga Kadahilanan sa Pagtitimbang ng Pagiging Nakakalason – Mga kadahilan nagmula sa Air District para sa bawat nakakalasong kontaminadong hangin na nagpapahiwatig sa nauugnay na pagiging nakakalason ng compound para sa isang partikular na uri ng panganib sa kalusugan (posibilidad na magkaroon ng kanser, paulit ulit na epektong hindi kanser, o matinding epektong hindi kanser)

